ALAMIN

Tulong Pangmatrikula para sa mga Mag-aaral sa Public Senior High School

TULONG PANGMATRIKULA
SA SENIOR HIGH SCHOOL!

＼ Kailangang i-proseso ng lahat ／

Tulong Pangmatrikula sa Senior High School



May iba pang Aichi Prefecture senior high school scholarship benefits para mapagaan ang bayarin sa edukasyon (para sa mga kwalipikado lamang)

Parehong hindi kailangang bayaran



Aichi Prefecture

Tulong Pangmatrikula sa Senior High School

◎Ano ang “Tulong Pangmatrikula sa Senior High School”?

80% ng mga pamilya ay kwalipikado sa programang ito, at kapag **kwalipikadong tumanggap ng tulong** nito, ang tuition fee sa public senior high school ay magiging libre na (hindi kailangang bayaran).

Maaaring matanggap ang tulong na ito sa loob ng hanggang 36 buwan (48 buwan para sa part-time at home-schooling).

Kailangang mag-apply upang magamit ang tulong pangmatrikula.

Sa prinsipyo, ang aplikasyon ay tatanggapin mula sa panahon ng pag-enrol. Pagkatapos ng aplikasyon, magkakaroon ng pag-apruba batay sa pamantayan sa pagkilatis. Gayundin, susuriin ang kalagayan ng kita ng mga naaprubahan (kabilang ang mga unang baitang) sa Hulyo ng bawat taon.

Para sa aplikasyon ng mga bagong mag-aaral mula sa school year 2022, sa prinsipyo, mangyaring mag-apply online. (*).

Kwalipikado man o hindi, mangyaring gamitin ang inyong smartphone o PC sa pag-apply.

Hiwalay na ipapaalam ng eskwelahan na pagpapasukan sa inyo ang inyong ID, password, paraan ng pagrehistro, atbp.

~ Mangyaring i-access ang screen para sa aplikasyon mula sa QR code o sumusunod na URL.~

https://www.e-shien.mext.go.jp/eshien-s-web/login/login

(*) Para sa mga nahihirapan mag-apply online, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng eskuwelahan na pagpapasukan.



Sa aplikasyon online, ilalagay lamang ang My Number ng mga magulang sa nakalaang form. Kung inilagay ito, hindi na kailangang magsumite ng iba pang dokumento.

Kapag naaprubahan bilang resulta ng pagsusuri, hindi na kailangang irehistro ang My Number sa susunod na pagsusuri sa Hulyo.

[Mga Pamantayan sa Pagkilatis ng Kwalipikasyon]

Standard na halaga ng munisipal na buwis × 6% - Adjusted Deduction ※Para sa mga itinalagang siyudad (Nagoya City, atbp.), i-multiply ang halaga ng Adjusted Deduction ng 3/4	
Mas mababa sa JPY 304,200	Mas mababa sa JPY 304,200
[Naaprubahan] Hindi kailangang magbayad ng tuition fee.	[Hindi naaprubahan] Kailangan bayaran ang tuition fee.

- Kwalipikado ang mga tahanang may taunang kita na mas mababa sa humigit-kumulang 9.1 milyon yen para sa isang pamilya na may apat na miyembro (mga magulang, isang mag-aaral ng senior high school, at isang mag-aaral ng junior high school).

➡ Ito ay estimate lamang at magbabago depende sa bilang nga mga dependents at iba pang deduction, atbp. Kung hindi mag-aapply, hindi magiging kwalipikadong tumanggap ng tulong, kaya kung kayo ay hindi sigurado, inirerekomenda namin na kayo ay mag-apply.

- Ang impormasyon na ito ay huling inupdate noong Marso ng 2023. Maaaring magkaroon ng pagbabago sa programang ito.
- Para sa mga detalye ng “Standard na halaga ng munisipal na buwis” at “Halaga ng Adjusted Deduction ng municipal na buwis”, mangyaring makipag-ugnayan sa nabubuwisang munisipyo.

◎Halaga ng tuition fee na magiging libre sa pamamagitan ng “Tulong Pangmatrikula sa Senior High School”

Kurikulum	Halaga sa Isang Taon (Taong Piskal 2023)
Full-time	JPY 118,800
Part-time(gradingsystem)	JPY 32,400
Home-schooling	JPY 336 (bawat unit)

Aichi Prefecture Senior High School Scholarship Benefits (para sa mga kwalipikado lamang)

◎Ano ang “Aichi Prefecture Senior High School Scholarship Benefits”?

Ang scholarship na ito ay ibinibigay (at hindi kailangang bayaran) upang suportahan ang mga gastusin para sa edukasyon maliban sa tuition fee (tulad ng gastusin para sa mga aklat at field trip) ng mga pamilyang tumatanggap ng livelihood subsidies (occupational assistance) o mga pamilyang may income levy tax exempton sa prefectural residents' tax at municipal residents’ tax.



Kwalipikado sa Scholarship	Taong tumutupad sa lahat ng mga sumusunod na kondisyon: (as of July 1, 2023) ☑ Ang income levy ng lahat ng tagapangalaga ay exempted mula sa prefectural residents’ tax at municipal residents’ tax ☑ Ang mag-aaral ay naka-enrol sa senior high school mula Abril ng 2014 ☑ Ang tagapangalaga ay nakatira sa Aichi Prefecture ☑ Ang mag-aaral ay naka-enrol sa isang public senior high school na kabilang sa tumatanggap ng scholarship

Klasipikasyon ng Pamilya	Klasipikasyon	Benepisyo (halaga)		
		Full-time/Part-time	Home-schooling	Advanced course
Tumatanggap ng livelihood subsidies (occupational assistance)	—	JPY 32,300	JPY 32,300	JPY 50,500
Lahat ng tagapangalaga ay may tax exemption	Unang mag-aaral	JPY 117,100	JPY 50,500	
	Pangalawang mag-aaral※	JPY 143,700		
* Kapag may magkakapatid na dependent na 15 taong gulang (hindi kasali ang nasa junior high school.) pataas hanggang 22 taong				

* Ang impormasyon na ito ay huling inupdate noong Marso ng 2023. Maaari ring i-offset sa gastusin sa edukasyon atbp.

◎Application

Ang lahat ng nais tumanggap ng benepisyo ay kailangang mag-apply. Ang lahat ng kwalipikado ay bibigyan ng application form mula Hulyo ng bawat taon na idadaan sa paaralan.

◎ Tulong Pangmatrikula sa Senior High Schoo

・Paraan ng Aplikasyon

Sa prinsipyo, mangyaring isagawa ito sa pamamagitan ng aplikasyon online.

* Kung nahihirapan mag-apply online, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng eskuwelahan na pagpapasukan.

・Deadline ng Pagsumite

Mangyaring isumite ito hanggang ◎◎:▽▽ ng △△ □□, ○○○○.

◎ Aichi Prefecture Senior High School Scholarship Benefits

・Mga dokumentong kailangang isumite sa opisina

1 Form ng aplikasyon

2 Sertipiko ng Buwis

Orihinal na sertipiko ng buwis (kopya kapag taong nagsumite ng orihinal sa aplikasyon para sa Tulong Pangmatrikula sa Senior High School). Kung kukuha ng sertipiko ng buwis, mangyaring dalhin ang pasaporte o iba pang dokumento na nagpapatunay ng identidad at pantatak (inkan), bayad, at ang attached sheet 1 sa pahina 5 na nakasulat sa wikang Hapon sa opisina ng munisipalidad kung saan kayo nakatira.

3 Kopya ng card ng segurong pangkalusugan (health insurance card)

Para lamang sa karagdagang aplikasyon sa ikalawang tao

・Deadline ng Pagsumite

Isumite ang 1 at 2 (pati ng 3 para lamang sa dapat magsumite nito) nang sabay sa opisina ng eskwelahan na pagpapasukan hanggang ◎◎:▽▽ ng △△ □□, ○○○○.

◎ Contact Information, at iba pa

Kung may mga hindi maintindihan, mangyaring kumpirmahin muna ito sa opisina ng eskwelahan na pagpapasukan (numero ng telepono ○○○-○○○-○○○○).

Mangyaring gamitin ang automatic response system para sa tulong pangmatrikula sa senior high school (AI chatbot).

Para sa mga bagay na nais ninyong alamin, ilagay ang keyword at magpapakita ang listahan ng tanong na inyong hinahanap. Piliin ang angkop na tanong at awtomatiko itong sasagutin ng AI.
Maaaring magamit mula sa smartphone o PC.
Maaaring tumugon 365 araw, 24 oras.



[Mangyaring i-access ito mula sa QR code o sumusunod na URL]

https://www.pref.aichi.jp/soshiki/zaimusisetsu/syuugakushienkin.html

(Maaaring i-access mula sa website ng Financial Affairs and Facilities Division ng Aichi Prefectural Board of Education.)

Edukasyon ang nagbibigay ng pag-asa sa ating kinabukasan

Edukasyon sa Aichi

（別紙１）

市区町村課税証明書等発行窓口
御担当者　殿

愛知県立〇〇高等学校

課税証明書の発行について

愛知県高等学校等奨学給付金申請に係る課税証明書を取得するため、この文書を持って窓口を訪れた方に対しては、下記の方の課税証明書を発行していただきますようお願いします。なお、非課税者である場合は、道府県民税および市町村民税所得割額が０円であることを確認できるものとしてください。

記

氏　　名	住　　所

担当　〇〇高等学校事務室
電話　〇〇〇－〇〇〇－〇〇〇〇